Pangalan: Ansar E. Socor Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang kahalagahan ng Salah
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 7, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
"O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Tunay na ang papuri ay kay Allah lamang, pinupuri natin Siya at hinihingian ng tulong at kapatawaran. Tayo ay nagpapakupkop kay Allah mula kasamaan ng ating mga sarili at sa kasamaan ng ating mga gawa. Sinuman ang gabayan ni Allah ay walang sinumang makapagliligaw sa kanya at sinuman ang hayaan Niyang maligaw ay walang sinumang makapaggagabay sa kanya. At ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na tunay na dapat sambahin maliban lamang kay Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay alipin at sugo ni Allah. Ipagkaloob nawa ni Allah ang kapayapaan at pagpapala sa Kanyang sugo na si Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam), sa kanyang pamilya, sa kanyang mga kasamahan at sa lahat ng taong tumatahak sa kanyang Sunnah hanggang sa Huling Araw.

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا أَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ وَأُولِي الْأَمْرِ مِنكُمْ ﴾ سورة النساء: 59
"O kayong mga naniwala! Sundin ninyo si Allah at sundin ang Sugo (Muhammad), at sila (na mga Muslim) sa inyong lipon na may kapamahalaan." (Surah An-Nisa: 59)

Mga kapatid sa pananampalataya, ang tinutukoy sa Ayah na ito ay ang mga taong naniniwala kay Allah. Alalahanin natin mga kapatid sa Islam ang sinabi ni

Allah sa Ayah na ito upang mapabilang tayo sa mga taong mananampalataya kay Allah. Sundin natin ang utos ni Allah at ang Sunnah ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Ang tunay na pagkatakot kay Allah ay sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.

Sa kasalukuyang panahon, maraming mga Muslim ang nakalimot na sa kanilang obligasyon kay Allah. Mas inuuna pa nila ang kanilang mga makamundong hangarin at kaligayahan. Ngunit sila ay pabaya sa kanilang mga tungkulin kay Allah tulad na lamang ng pagsasagawa ng Salah na pinakamahalaga sa buhay ng isang Muslim, na kung saan dapat nating paghusayin. Sapagkat ito ang unang itatanong sa atin pagdating sa kabilang-buhay. Kapansin-pansin ang ilan sa mga Muslim na laging nagpapahuli sa Salah at pagkatapos ng Salah sila rin ang unang umaalis o lumalabas sa Masjid. Marami sa mga tao na mahusay sa pagsasagawa ng mga makamundong gawain, subalit bagsak sa pagsasagawa ng Salah.

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam),

إِنَّ أَوَّلَ مَا يُحَاسَبُ بِهِ الْعَبْدُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ مِنْ عَمَلِهِ صَلَاتُهُ فَإِنْ صَلُحَتْ فَقَدْ أَفْلَحَ وَأَنْجَحَ وَإِنْ فَسَدَتْ فَقَدْ خَابَ وَخَسِرَ. (رواه الترمذي وأبو داود وغيرهما، وصححه الألباني)

“Tunay na ang unang lilitisin sa mga gawain ng isang alipin sa Araw ng Pagbabangong-Muli ay ang Salah. Kapag ito ay bumuti (pasado at tanggap) ay magtatagumpay (pasado na rin at tanggap) ang iba niyang mga mabubuting gawain. Ngunit kapag ito naman ay nasira (hindi pasado at hindi tanggap), tiyak na ang kanyang mga gawain ay bagsak at nalugi.” (Inulat nina At-Tirmidhi at Abu Dawud)

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا ارْكَعُوا وَاسْجُدُوا وَاعْبُدُوا رَبَّكُمْ وَافْعَلُوا الْخَيْرَ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴾ سورة الحج: 77

“O kayong mga naniwala, yumuko kayo at magpatirapa sa inyong pag-sasalah at sambahin ninyo ang inyong Panginoon at kayo ay gumawa ng kabutihan upang kayo ay magtagumpay.” (Surah Al-Hajj: 77)

Ayon kay Ibn A’shoor sa pagpapaliwanag ng talatang ito, ang kahulugan ng pagyuko at pagpapatirapa ay ang Salah. Ito ay binigyang diin ni Allah sapagkat ito ang pinakadakilang haligi ng Salah. At ang pag-uutos ng ‘Ibadah sa talatang ating

nabanggit ay nagpapahiwatig ng kautusan ni Allah sa buong sangkatauhan na Siya lamang ang karapat-dapat na pag-ukulan ng pagsamba katulad ng pag-aayuno, pagsasagawa ng Hajj, pagbibigay ng Zakah, mabuti pakikitungo sa mga kamag-anak at kapwa, at pag-uutos ng mabuti at pagbabawal ng masama.

Mga alipin ni Allah, katiyakan, tumatatag ang pananampalataya ng isang tao sa pamamagitan ng pagtataguyod niya ng Salah. Kaya't sinuman ang pangalagaan niya ang Salah, tiyak na kanyang napangalagaan ang kanyang relihiyon, at sinuman ang nagpabaya ng Salah, tiyak na pinabayaan ang kanyang relihiyon. Sa pamamagitan ng Salah nasusukat ang pananampalataya ng bawat isa. Ang Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay nagsabi,

خَمْسُ صَلَوَاتٍ كَتَبَهُنَّ اللهُ عَلَى الْعِبَادِ، مَنْ جَاءَ بِهِنَّ لَمْ يُضَيِّعْ مِنْهُنَّ شَيْئًا اسْتِخْفَافًا بِحَقِّهِنَّ كَانَ لَهُ عِنْدَ اللهِ عَهْدٌ أَنْ يُدْخِلَهُ الْجَنَّةَ، وَمَنْ لَمْ يَأْتِ بِهِنَّ فَلَيْسَ لَهُ عِنْدَ اللهِ عَهْدٌ، إِنْ شَاءَ عَذَّبَهُ، وَإِنْ شَاءَ أَدْخَلَهُ الْجَنَّةَ. (رواه أبو داود، والنسائي، وابن ماجه وأحمد)

"Limang Salah ang itinagubilin ni Allah sa Kanyang mga alipin, sinuman ang nagsasagawa nito (araw-araw) at wala siyang iniwang isa man sa mga ito, siya ay magkakaroon ng kasunduan kay Allah na siya ay papapasukin sa Paraiso (Jannah), ngunit ang sinumang hindi nagsagawa nito ay wala siyang kasunduan kay Allah na makapasok sa Paraiso (Jannah)." (Inulat nina Abu Dawud, An-Nasai, Ibn Majah, at Ahmad)

Kung Kaya mga kapatid, anuman ang mangyari, kahit gaano ka pa kaabala sa iyong trabaho at pag-aaral ay huwag mong iwanan ang pagsasagawa ng Salah kahit isa man sa mga ito. Huwag mong ipagpaliban ito hanggang sa lumagpas ang takdang oras nito kung wala ka namang mabigat at katanggap-tanggap na dahilan.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga alipin ni Allah, batid niyo ba kung ano ang sinabi ni Allah hinggil sa mga taong hindi nagsasagawa ng Salah?

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ فَوَيْلٌ لِّلْمُصَلِّينَ الَّذِينَ هُمْ عَن صَلَاتِهِمْ سَاهُونَ ﴾ سورة الماعون: 4-5

"Kaya kasawian sa mga nagdarasal, yaong sa kanilang pagdarasal ay nagpapabaya (walang pagpapahalaga)." (Surah Al-Ma'un: 4-5)

May tatlong pananaw ang mga 'Ulama sa tafsir ng Ayah na ito. Ayon kay Imam At-Tabari (rahimahullah):

A. Ipinagpapaliban nila ang obligadong Salah sa takdang oras nito. Isinasagawa lamang nila ito pagkatapos na lumagpas ang takdang oras nito.
B. Iniiwan nila ang Salah, ginagawa lamang nila ito kapag mayroong nakakakita sa kanila, ngunit kapag walang nakakakita ay hindi nila ito isinasagawa. Sila ang mga munafiqun o mga mapagkunwaring Muslim.
C. Hindi nila ito pinapansin at binibigyang halaga. Binabaliwala nila ito at sila ay abala sa ibang bagay. Wala silang pakialam kung nag-salah man sila o hindi.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***